

Kapag ang PGT ay Trustee ng isang Personal Trust – Mga Kahilingan para sa Pondo kung ang Benepisyaryo ay may isang Legal na Kinatawan

Mga Tungkulin

Mayroong iba't ibang mga legal na tungkulin sa Public Guardian and Trustee (PGT) para sa pamamahala ng mga personal na pananalapi at pangangasiwa ng trust (o pondong ipinagkatiwala). Kabilang sa mga ito ang Trustee (Tagapangasiwa), Committee of Estate (Lupon para sa mga Ari-arian), Power of Attorney or Representative (Kapangyarihan ng Abogado o Kinatawan) sa ilalim ng isang kasunduan sa representasyon. Ang bawat mga legal na tungkuling ito ay may partikular na mga gawain at responsibilidad. Minsan ang PGT ay maaaring maging isang Trustee ng isang Personal Trust at gayundin ay legal na kinatawan (tulad ng Committee of Estate) ng isang taong nasa hustong gulang na benepisyaryo ng isang Personal Trust.

Sino ang dapat gumawa ng kahilingan para sa paglalabas ng pera mula sa trust?

Kapag walang legal na kinatawan:

Kung ang isang taong nasa hustong gulang na benepisyaryo ay walang legal na kinatawan, itinuturing na ang nasa hustong gulang ang may tungkuling pamahalaan ang kanyang personal na pananalapi, kabilang ang paggawa ng kahilingan sa paggamit ng trust fund. Kaya ang benepisyaryong nasa hustong gulang ang direktang gagawa ng kahilingan sa Trustee. Ang ilang nasa hustong gulang na walang legal na kinatawan ay maaaring kailanganin ang tulong sa paggawa ng mga kahilingan mula sa trust.

Kung mayroong legal na kinatawan:

Kapag ang benepisyaryong nasa hustong gulang ay may isang legal na kinatawan (tulad ng isang Committee of Estate, Power of Attorney o Representative), sinumang may tungkulin na ito ay responsable para sa pamamahala ng pinansya ng taong nasa hustong gulang, kabilang ang paggawa ng mga kahilingan sa paggamit ng trust fund. Sa gayon, ang legal na kinatawan, sa ngalan ng benepisyaryo, ang direktang gagawa ng kahilingan sa Trustee.

Paano kung ang PGT ay kapwa legal na kinatawan at trustee ng isang personal na trust?

Kung ang PGT ay legal na kinatawan ng isang nasa hustong gulang na benepisyaryo din ng isang Personal Trust, ang mga kahilingan para sa paggamit ng trust ay dapat idirekta sa PGT Case Manager ng nasa hustong gulang.

Kapag ang isang Case Manager ay nakatanggap ng isang kahilingan upang gamitin ang trust, dapat tukuyin muna ng Case Manager kung ang kahilingan ay naaangkop. Sa ilang kalagayan, maaaring may mapagkukunan ng pampublikong pondo na makakatulong sa pagtugon sa mga pangangailangan ng nasa hustong gulang o maaaring naaangkop na ang kahilingan para pagpopondo ay kunin sa personal na pondo ng nasa hustong gulang. Kung naaangkop, ang Case Manager ay isasampa ang kahilingan para sa pondo sa Personal Trust Administrator (o Tagapangasiwa ng Personal na Trust).

Ang Personal Trust Administrator ang gumagawa ng mga desisyon kung kakayanin ng trust na ibigay ang suportang hiniling, kung naaayon sa mga tuntunin ng trust, ang laki, ang maaaring pamamahagi ng trust, ang iba pang mga pagkukunan na puwedeng gamitin ng mga benepisyaryo at ang katangian ng ginawang kahilingan.

Kung may mga tanong tungkol sa mga desisyon sa kahilingan sa paggamit ng trust, ipaabot ito sa inyong PGT Case Manager. Kapag ang nasa hustong gulang ay walang PGT Case Manager, ang mga katanungan ay dapat idirekta sa Personal Trust Administrator.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa PGT, mangyaring bisitahin ang aming website sa www.trustee.bc.ca o makipag-ugnayan sa amin sa:

Public Guardian and Trustee
700 – 808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3
Telepono: 604.660.4444
Fax: 604.660.0374
Email: mail@trustee.bc.ca



July 2005